

7

Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikatlong Markahan – Modyul 5: Hirarkiya ng Pagpapahalaga



Edukasyon sa Pagpapakatao- 7
Alternative Delivery Mode
Ikatlong Markahan- Modyul 5: Hirarkiya ng Pagpapahalaga
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Mga Manunulat: Liezel Joy P. Diño

Language Editor: Florenil M. Malabayabas

Tagasuri: Annabelle M. Marmol, Mariam B. Rivamonte, Nestor T. Rualo

Tagaguhit: Gerardo G. Lacdao

Tagalapat: Liezel Joy P. Diño, Jefferson R. Repizo

Tagapamahala: Benjamin D. Paragas, Mariflor B. Musa, Freddie Rey R. Ramirez,
Danilo C. Padilla, Annabelle M. Marmol, Lany M. Semilla, Mariam B. Rivamonte,
Nestor T. Rualo

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – MIMAROPA Region

Office Address: Meralco Ave., cor. St. Paul Road, Pasig, City

Telefax: 02-8631-4070

E-mail Address: mimaropa.region@deped.gov.ph

7

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikatlong Markahan – Modyul 5:
Hirarkiya ng Pagpapahalaga**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ngayong naabot mo na ang bahaging ito ng modyul ay natitiyak kong nauunawaan mo na ang kahalagahan ng wastong pagtukoy ng pinahahalagahan batay sa antas ng hirarkiya ni Max Scheler. Ang tanging tanong na lamang ngayon ay kung paano mo mas mapatataas pa ang antas ng iyong pagpapahalaga. Nasa tama ka bang landas tungo sa layunin mo na makabuluhang pag-unlad ng iyong pagkatao? Bilang nagbibinata o nagdadalaga, ano-ano pa ang maaari mong gawin upang mas mapalawak pa ang iyong mga kaalaman hinggil sa paksang ating tinatalakay?

LAYUNIN

Sa araling ito inaasahan na:

- Naisasagawa ang paglalapat ng mga tiyak na hakbang upang mapataas ang antas ng iyong mga pagpapahalaga.



Subukin

Panuto: Basahin ang bawat pangungusap at isulat ang titik ng pinakaangkop na sagot sa malinis na papel.

1. Sa papaanong paraan mapapataas ang antas ng iyong pagpapahalaga?
 - A. Isiping mabuti ang mas mahalaga at dapat na unahing gawain.
 - B. Gayahin ang mga pinahahalagahan ng mga sikat/kilalang tao.
 - C. Pumili ng gawaing higit na kinawiwilihan katulad ng paglalaro o pakikipagkwentuhan sa mga kaibigan.
 - D. Ipagtanong sa mga mas nakatatanda ang nararapat mong gawin upang mapahalagahan ang mataas na antas ng pagpapahalaga.
2. Ang sumusunod ay mainam na hakbang upang mapanatiling mataas ang antas ng pagpapahalaga ng isang indibiduwal, **MALIBAN** sa:
 - A. Isaisip na mas mataas ang pagpapahalaga kung ito ay para sa Dakilang Lumikha.
 - B. Higit na pahalagahan kung ano ang makapagpapasaya sa iyo.
 - C. Hayaan na tadhana ang magdikta ng iyong pahahalagahan sa buhay.
 - D. Unahin ang kapakanan ng kapuwa.
3. Kahit na naghihirap si Myca sa buhay ay hindi pa rin niya nakaliligtaang tumulong sa mga nangangailangan. Ano ang maaaring kahinatnan niya?
 - A. Sisikat siya sa kanilang bayan.
 - B. Magsasawa rin siya dahil sa dami ng kailangang tulungan.
 - C. Makatutulong ito upang mapaunlad ang kaniyang pagkatao.
 - D. Magtatayo siya ng organisasyong makatutulong pa sa Nangangailangan.
4. Alin sa mga sumusunod ang **HINDI** katangian ng mataas na antas ng pagpapahalaga?
 - A. Tumatagal at hindi nababago ng panahon.
 - B. Ito ay nagiging batayan ng ibang pagpapahalaga.
 - C. Mahirap pa ring mabawasan ang kalidad nito.
 - D. Kung ito ay nakabatay sa organismong nakararamdam nito.
5. Nararapat mapataas ang antas ng iyong pagpapahalaga upang _____.
 - A. mapasaya ang iyong pamilya.
 - B. maging sikat sa klase at paaralan.
 - C. magkaroon ng makabuluhang buhay.
 - D. may maipagmayabang sa mga kamag-anakan.

Aralin

1

Mga Tiyak na Hakbang Upang Mapataas ang Antas ng Pagpapahalaga

Bilang isang nagbibinata o nagdadalaga ay lumalawak na ang mundong iyong ginagalawan. Kasabay nito ay lumalawak na rin ang sakop ng iyong pagpapahalaga. Sa tulong ng mga nakaraang aralin ay nagawa mong maunawaan ang kahalagahan ng pagpili ng mas mataas na antas ng pagpapahalaga. Kasunod nito ay ang iyong kagustuhang mas mapataas pa ang antas ng iyong pagpapahalaga.



Balikan

Panuto: Suriing mabuti ang mga larawan sa ibaba. Pagsunod-sunurin ang mga ito batay sa pinakaunang dapat pahalagahan hanggang sa pinakahuli. Isulat ang bilang 1 (pinakamataas) hanggang 8 (pinakamababa) sa bawat patlang. Gawin ito sa iyong sagutang-papel.



A. ____



B. ____



C. ____




D. ____



E. ____



F. ____



G. ____



H. ____



Mga Tala para sa Guro


Sukatin ang naging pag-unawa ng mag-aaral sa pamamagitan ng mga larawan sa itaas. Matapos sundin ang panuto ay bigyan ng sapat na oras ang mag-aaral na isipin ang dahilan o paliwanag sa kanyang mga sagot.



Tuklasin

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1.1: Larawan-Suri

Panuto: Pag-aralan ang mensahe ng larawan sa ibaba at sagutan ang sumusunod na katanungan. Isulat ito sa iyong sagutang-papel.



Pamprosesong Tanong

1. Ano ang iyong unang naiisip kapag nakikita mo ang larawang ito? Bakit?

2. Naranasan mo na ba ang malagay sa sitwasyon kagaya ng nasa larawan? Ibahagi ang mga hakbang na iyong isinagawa upang mahanap/mapili mo ang tamang landas.



Suriin

Ang tao ay nilikhang likas na mabuti ng Panginoon. Nakagagawa lamang tayo ng mga kasalanan dahil na rin sa mga mali o mababang uri ng pagpapahalaga. Ang paghuhusga sa pagiging mabuti o masama ng kilos ng tao ay nakasalalay sa pagpili ng pahahalagahan. Samakatuwid, ang mas mataas na antas na pagpapahalaga ay nakatutulong sa iyo upang maging mas mabuting tao. Kung kaya't mahalagang mapataas ang antas ng iyong pagpapahalaga upang mapataas din ang kalidad ng iyong pagkatao. Maraming mga paraan upang ang pagpapahalaga ay mapataas katulad ng pagkakaroon ng mas malalim na pagsusuri sa mga pinahahalagahan, pagkakaroon ng mga birtud na gagabay sa iyong mga pagpapahalaga kagaya ng pagsisimba o di kaya ay ang pagtulong sa kapwa. Maaari ka ring magtanong sa mga mas nakatatanda o maghanap ng mga mabubuting ehemplo na maaari mong tularan. Magagawa mong mapataas ang antas ng iyong pagpapahalaga kapag naisapuso at naisabuhay mo ang kahalagahan ng mataas na antas ng pagpapahalaga.






Upang makasiguro na ang iyong mga pinahahalagahan ay nasa mataas na antas ng hirarkiya ay narito ang ilan sa mga paliwanag ni Max Scheler sa kaniyang aklat na “Limang Katangian ng Mataas na Pagpapahalaga” (mula sa tesis ni Tong-Keun Min na “A Study on the Hierarchy of Values”).



Una, mas tumatagal ang mas mataas na pagpapahalaga kung ihahambing sa mababang mga pagpapahalaga. **Ikalawa**, mas mahirap mabawasan ang kalidad ng pagpapahalaga. **Ikatlo**, mataas ang antas ng pagpapahalaga kung ito ay lumilikha ng iba pang mga pagpapahalaga. **Ikaapat**, may likas na kaugnayan ang antas ng pagpapahalaga at ang lalim ng kasiyahang nadarama sa pagkamit nito. **Ikalima**, ang isang pagpapahalaga ay nasa mataas na antas kung hindi ito nakabatay sa

organismong nakararamdam nito.



Pagyamanin

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1.3: Dear Self...

Panuto: Sumulat ng tatlong (3) liham para sa iyong *past self*, *present self*, at *future self*. Para sa iyong *past self*, isulat ang mga natuklasan mo na mga tama at maling pagpapahalaga na iyong nagawa. Samantalang, isa-isahin naman sa iyong liham para sa *present self* ang mga ginagawa mong paraan sa kasalukuyan upang mas mapataas pa ang iyong antas ng pagpapahalaga. At sa huling liham para sa iyong *future self* ay itala mo ang iyong mga pangakong hakbang na gagawin tungo sa mas mataas pang antas ng mga pagpapahalaga.

Dear Past Self,

Nagmamahal,

Dear Present Self,

Nagmamahal,

Dear Future Self,

Nagmamahal,




Isaisip

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1.2: Acronym

Panuto: Magbigay ng salita o parirala na nagpapakita ng tiyak na paraan na isasagawa mo upang mas mapataas pa ang antas ng iyong pagpapahalaga. Ang mga salitang ito ay dapat na nagsisimula sa mga titik na M A H A L A G A. Gamiting gabay ang halimbawa sa ibaba. Gawin ito sa iyong sagutang-papel.

M	- MAMAHALIN KO PANG LALO ANG AKING AMA'T INA
A	- _____
H	- _____
A	- _____
L	- _____
A	- _____
G	- _____
A	- _____



Isagawa

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2.4: Isang Linggong Pagpapahalaga

Panuto: Punan ng angkop na mga salita ang talaan sa ibaba. Gawin ito araw-araw sa loob ng isang linggo. Layon nitong sanayin ka na maging mapagbantay sa pagpili ng mas mataas na pagpapahalaga. Hingin ang lagda ng iyong magulang na siyang magpapatunay na naisagawa mo ang mga hakbang na nasa talaan. Gamiting gabay ang halimbawa sa ibaba. Gawin ito sa iyong sagutang-papel.

Araw	Ang Iyong Napiling Pahalagahan	Paraan upang Maisakatuparan ang mga Hakbang
Linggo	PANGINOON	MAGSISIMBA/SAMBA AKO
Lunes		
Martes		
Myerkules		
Huwebes		
Biyernes		
Sabado		

Pangalan at Lagda ng
Magulang/Tagapaggabay

Lagda ng Mag-aaral



Tayahin

Panuto: Isulat ang titik ng pinakaangkop na sagot sa malinis na papel.

- Sa papaanong paraan mapapataas ang antas ng iyong pagpapahalaga?
 - Isiping mabuti ang mas mahalaga at dapat na unahing gawain
 - Gayahin ang mga pinahahalagahan ng mga sikat/kilalang tao
 - Pumili ng gawaing higit na kinawiwilihan katulad ng paglalaro o pakikipagkwentuhan sa mga kaibigan.
 - Ipagtanong sa mga mas nakatatanda ang nararapat mong gawin upang mapahalagahan ang mataas na antas ng pagpapahalaga.

2. Ang sumusunod ay mainam na hakbang upang mapanatiling mataas ang antas ng pagpapahalaga ng isang indibiduwal, **MALIBAN** sa:
 - A. Isaisip na mas mataas ang pagpapahalaga kung ito ay para sa Dakilang Lumikha.
 - B. Higit na pahalagahan kung ano ang makapagpapasaya sa iyo.
 - C. Hayaan na tadhana ang magdikta ng iyong pahahalagahan sa buhay.
 - D. Unahin ang kapakanan ng kapuwa

3. Kahit na naghihirap si Myca sa buhay ay hindi pa rin niya nakaliligtaang tumulong sa mga nangangailangan. Ano ang maaaring kahinatnan niya?
 - A. Sisikat siya sa kanilang bayan
 - B. Magsasawa rin siya dahil sa dami ng kailangang tulungan
 - C. Makatutulong ito upang mapaunlad ang kaniyang pagkatao
 - D. Magtatayo siya ng organisasyong makatutulong pa sa nangangailangan

4. Alin sa sumusunod ang **HINDI** katangian ng mataas na antas ng pagpapahalaga?
 - A. Tumatagal at hindi nababago ng panahon
 - B. Ito ay nagiging batayan ng ibang pagpapahalaga
 - C. Mahirap pa ring mabawasan ang kalidad nito
 - D. Kung ito ay nakabatay sa organismong nakararamdam nito.

5. Nararapat mapataas ang antas ng iyong pagpapahalaga upang _____ .
 - A. mapasaya ang iyong pamilya.
 - B. maging sikat sa klase at paaralan.
 - C. magkaroon ng makabuluhang buhay.
 - D. may maipagmayabang sa mga kamag-anakan.



Karagdagang Gawain

Panuto: Sumulat ng Dyornal sa Pagpapahalaga sa isang malinis na papel. Sagutin ang sumusunod:

1. Ano ang natutuhan sa paksang tinalakay?
2. Bakit mahalaga sa iyo ang iyong mga natutuhan?
3. Paano mo mailalapat sa pang-araw-araw na pamumuhay ang iyong mga natutuhan?



Susi sa Pagwawasto

Pamantayan sa Pagmamarca Para sa Bahagi ng Balikan, Tuklasin, Pagyamanin, Isaisip, Isagawa at Karagdagang Gawain	
KRITERYA	PUNTOS
<ul style="list-style-type: none"> ✓ Malinaw na nailalahad at naipaliwanag ang mga kasagutan sa mga gawain ✓ Ginamitan ng kumpletong pangungusap na may wastong gamit ng mga salita ✓ Malinis, maayos at malinaw ang pagkakaulat ng mga kasagutan 	5
<ul style="list-style-type: none"> ✓ Malinaw na naipaliwanag at nailalahad ang mga kasagutan ✓ Ginamitan ng kumpletong pangungusap ngunit may kaunting pagkakamali sa gamit ng mga salita ✓ Malinis ang sagutang papel 	4
<ul style="list-style-type: none"> ✓ Naipaliwanag at nailalahad ang mga kasagutan ✓ Hindi ginamitan ng kumpletong pangungusap at may kaunting pagkakamali sa gamit ng mga salita ✓ Hindi gaanong malinis at maayos ang pagkakaulat ng mga kasagutan. 	3
<ul style="list-style-type: none"> ✓ Hindi gaanong malinaw ang pagpapaliwanags sa mga kasagutan. ✓ May mali sa pagkakaibuo ng mga pangungusap. ✓ Hindi maayos at malinis ang pagkakaulat ng mga kasagutan 	2
<ul style="list-style-type: none"> ✓ Hindi naunawaan ang gawain. ✓ Ang paliwanag o opinyon ay walang kaugnayan sa kaanunghang/gawain ✓ Marumi at hindi maayos ang sagutang papel. 	1
<ul style="list-style-type: none"> ✓ Walang Kasagutan 	0

Tayahin

1. A
2. C
3. C
4. D
5. C

Subukin

1. A
2. C
3. C
4. D
5. C

Sanggunian

- Kagawaran ng Edukasyon, Edukasyon sa Pagpapakatao Gabay Kagamitan ng Mag-aaral (Ikalawang Bahagi) Lungsod ng Pasig, Pilipinas, 2012, pp. 23-35

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph